6

**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

ARALING PANLIPUNAN

**This is a Government Property. Not For Sale**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
# Grades 6 ARALING PANLIPUNAN

---

**DEVELOPMENT & EDITORIAL TEAM:**

Writers: SHANI ANN G. BULAHAO, VANESSA PABLIO

Illustrators:

Layout Artists:

Content Editors: Jovy A. Swing

Language Editors: Jovy A. Swing

Management Team:

Regional Director : Malcolm S. Garma

SDS : Romela M. Cruz

CLMD Chief: Genia V. Santos

CID Chief : Alyn G. Mendoza

Regional EPS (Araling Panlipunan): Andrew E. Tan

Regional LR Supervisor : Dennis M. Mendoza

SDO EPS (Araling Panlipunan): Ceasar A. Nachor

SDO LR : Ruby E. Baniqued

Regional Librarian : Nancy S. Mabunga

PDO II - LRMDS : Dorothy Grace I. Reyes

Librarian II : Calixto N. Camangeg

# ARALIN 6: PAGPAPAHALAGA SA PAGTATANGGOL NG MGA PILIPINO SA PAMBANSANG INTERES

**INAASAHAN:**

1. Napahahalagahan ang mga pagpupunyagi ng mga Pilipino at pagtugon ng mga pangulo noong Ikatlong Republika sa pambansang interes.

2. Nasusuri ang ibat ibang paraan ng pagtatanggol ng mga Pilipino sa Pambansang Interes.

3. Nakapagbibigay ng sariling pananaw tungkol sa mga pagtugon ng mga Pilipino sa patuloy na mga suliranin isyu at hamon ng kasarinlan.

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto**: Basahin ng mabuti ang mga pangungusap. Suriin kung ang mga ito ay **TAMA** o **MALI** sa pamamagitan ng pagsulat sa patlang.

_________1. Lubos na naapektuhan ang ekonomiya at kabuhayan ng bansa pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

_________2. Ipinatupad ang Pambansang Pangasiwaan ng Paglilipat-tirahan at Pagsasaayos dahil sa pagsikip ng ng Kamaynilaan pagkatapos ng digmaan.

________3. Ipinagpatuloy ni Truman ang mga programa ni Roosevelt kabilang na ang pagkakaloob ng kalayaan ng Pilipinas noong ika-4 ng Hulyo 1946.

_________4. Nagdulot ng kabutihan sa Pilipinas ang pagkaloob ng *Parity Rights* sa mga Amerikano sapagkat naging pantay ang karapatan ng mga Pilipino sa mga dayuhang Amerikano sa pagnenegosyo.

_________5. Karapatan ng isang bansa ang magpaunlad at proteksiyunan ang sarili mula sa isang mapang-abusong bansa.

## BALIK-TANAW

Hindi biro ang hirap at pasakit na naranasan ng ating mga ninuno at bayani upang makamit ang kalayaan ng bansa. Simula sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol, Amerikano at mga Hapones ay nagsikap at naghirap ang mga Pilipino upang maipagtanggol at makitang ganap na malaya ang ating bansa.

Hindi nabigo ang mga Pilipino ang kanilang hangaring maging malaya sapagkat tinupad ng Estados Unidos ang pangakong ipagkaloob ang kalayaan ng Pilipinas.

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Ipinagkaloob ng Estados Unidos ang pangakong kasarinlan ng Pilipinas noong ika-4 ng Hulyo 1946 pagkatapos ng digmaang pangdaigdig. Dahil ang Pilipinas ay nakatamo ng matinding pinsala dulot ng nagdaang digmaan, naharap ng iba't ibang suliranin ang bansa na nangangailangan ng pagtugon mula sa mga pangulo ng ikatlong republika at mga Pilipino upang muling ipagtanggol at maibangon ang bansa.

Maliban sa epekto ng digmaan kaya't nasa proseso ng pagbabagong-tatag o yugto ng rehabilitasyon ang bansa, may ibang salik sa paglala ng sulirang pangkabuhayan sa bansa. Ilan dito ay ang pamamayani ng mga dayuhan sa kabuhayan ng bansa, mababang produksiyon dulot ng di-epektibong pamamalakad ng pamahalaan, mataas na angkat ng pag-aangkat at pagluluwas at pagbaba ng pagpapahalagang moral ng mga tao.

Bawat pangulo ay nagsagawa at nagpatupad ng mga programa at patakaran para masolusyonan ang suliraning pangkabuhayan. Gumawa sila ng mga hakbang upang matugunan ang suliranin at hamon sa kasarinlan at pagkabansa ng mga Pilipino at maisaayos ang pamumuhay ng mga tao. Ilan dito ay ang nasyonalisasyon ng tingiang pangangalakal, pagpapabuti ng sistema ng edukasyon, pagpapataas ng produksyon partikular sa pagsasaka at pagpapabuti sa sistema ng pananalapi ng bansa.

Ang mga pagpupunyagi ng mga Pilipino at hakbang ng mga pangulo ay mga daan patungo sa pagiging ganap na malayang bansa.

## GAWAIN 1

**Panuto**: Isa sa mga pinakatanyag na programa ni dating pangulong Carlos P. Garcia ay ang "PATAKARANG PILIPINO MUNA" na naging isang dahilan ng pagbawi ng Pilipinas sa pagkalugmok at pangunguna sa industriyalisasyong nagbigay ng produktibong hanapbuhay sa mga Pilipino.

Bilang isang kabataang Pilipino, piliin mula sa kahon ang mga maari mong gawin upang pahalagahan ang patakarang ito sa kasalukuyan. Isulat ang mga napili sa organizer.

### MGA PAGPIPILIAN

- Tatangkilikin ko ang mga produktong gawa ng kapwa Pinoy.
- Aasa ako sa programang pang-ekonomiko na iaalok ng mga dayuhan
- Bibili ako ng mga local na produkto kaysa imported na produkto.
- Mag-aral ako ng mabuti upang makatulong balang-araw sa pagpapaunlad ng bansa.
- Ipagmamalaki ko ang aking kultura at ang pagiging Pilipino.
- Hasain ko ang aking mga kasanayan para magtrabaho sa ibang bansa.
- Susuportahan ko ang mga maliliit na negosyo ng mga Pilipino.

### PATAKARANG PILIPINO MUNA

1. ____________________________________________
____________________________________________
2. ____________________________________________
____________________________________________
3. ____________________________________________
____________________________________________
4. ____________________________________________
____________________________________________
5. ____________________________________________
____________________________________________

## GAWAIN 2

**Panuto**: Bilang pagpapahalaga ng mga programa at patakaran na ipinatupad ng mga Pangulo noong Ikatlong Republika, kung ikaw ay nabigyan ng pagkakataong maging pangulo, pumili ng nais mong ipatupad muli sa kasalukuyan. Ipaliwanag kung bakit at paano.

Ipapatupad ko ang ___________________________________
sapagkat
___________________________________________________
___________________________________________________
___________________________________________________
___________________________________________________
___________________________________________________
___________________________________________________

## GAWAIN 3

**Panuto**: Ipakita mo ang iyong pagpapahalaga sa kontribusyon ng mga Pilipino sa pagkamit ng kalayaan at hamon ng kasarinlan. Pumili ka ng isa sa mga gawain sa ibaba na angkop sa iyong kakayahan.

**Pintor ako!**
Gumuhit ng poster na nagpapakita ng pagmamalaki mo sa pagpupunyaging Pilipino tungo sa pagkamit ng ganap na Kalayaan at hamon ng kasarinlan.

**Manunula ako!**
Bumuo ng maikling tula tungkol sa inyong pagpapahalaga sa kontribusyon ng mga Pilipino upang makamit ang ganap na karasinlan.

**Lay-out artist ako!**
Lumikha ng isang brochure na tungkol sa mga mahahalagang programa ng mga pangulo upang matugunan ang mga hamon ng kasarinlan.

___

**RUBRIK SA GAWAIN:**

| PAMANTAYAN | PUNTOS: 5 | 3 | 1 |
|---|---|---|---|
| ***Nilalaman*** | Naiugnay ang mensahe ng output sa paksa. | Hindi masyadong naiugnay ang mensahe ng output sa paksa. | Walang kaugnayan ang menshae ng output sa paksa. |
| ***Pagmalikhain*** | Malinaw at maganda ang pagkagawa. | Hindi gaanong malinaw at maganda ang pagkagawa. | Magulo at hindi malinaw ang pagkagawa. |
| ***Kalinisan*** | Malinis ang output na ginawa | Di gaanong malinis ang output. | Marumi ang ginawang output. |
| | | | |

## TANDAAN

Labis ang pinsalang natamo ng Pilipinas dulot ng digmaang pandaigidg. Kaya noong ipinagkaloob sa bansa ang kalayaan mula sa Amerikano noong 1946, sari-saring suliranin ang humamon sa bansa. Iba't ibang programa at patakaran ang ipinatupad ng mga namumuno upang matugunan ang problemang pangkabuhayan at pang-ekonomiko.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto**: Basahing mabuti ang mga tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Bilang isang mag-aaral, paano mo ipakita ang pagpapahalaga sa mga nagawa ng mga Pilipino upang makamit ang kasarinlan?
   a. Ipagmayabang sa mga kaklase ang mga kagamitang binili sa ibang bansa.
   b. Ipagpatuloy ang paglalakad habang kinakanta ang Pambansang Awit ng Pilipinas.
   c. Manood ng mga pelikula tungkol sa katapangan ng mga bayani ng Pilipinas.
   d. Madalas lumiban sa klase sa Araling Panlipunan sapagkat nakakaantok.

---

2. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pagpapahalaga sa pambansang interes?
    a. Pagpapaigting ng seguridad ng mga mamamayan ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal
    b. Pagpayag sa mga dayuhan na pumasok sa bansa kahit walang pasaporte.
    c. Pagtanggap ng mga smuggled products o produktong walang buwis
    d. Pagwalang-bahala sa mga maliliit na banta sa kapayapaan ng bansa

3. Anong habkang ni dating Pangulong Ramon Magsaysay ang nagpapakita ng pagpapahalaga sa kapakanan ng mga magsasaka?
    a. Paghati-hati sa mga asyedang bibilhin ng pamahalaan upang ipamahagi nang hulugan sa magsasaka
    b. Pagpatupad ng malayang pagnenegosyo ng mga dayuhan sa bansa
    c. Pagpapatayo ng base-militar ng mga Amerikano sa Pilipinas
    d. Pagbibigay amnestiya sa mga Huk

4. Paano mo pahalagahan ang mga pagsisikap ng ating mga pangulo upang malutas ang mga suliraning kinakaharap ng ating bansa?
    a. Maging masunurin at responsableng mamamayan.
    b. Mag-aral ng mabuti upang makapagtrabaho sa ibang mas maunlad na bansa.
    c. Matamang pagtangkilik sa produkto ng ibang lahi sapagkat mas advance sila sa teknolohiya.
    d. Mas inuuna ang pansariling kapakanan bago ang iba.

5. Alin ang nagpapakita ng lubusang papagpapahalaga ng mga Pilipino na makamit ang kalayaan ng bansa?
    a. Nawalan ng pag-asa ang ating mga ninuno na makamit muli ang kalayaan.
    b. Nagsikap na ipaglaban ng mga Pilipino ang bansa sa iba't ibang mananakop.
    c. Nangibang bansa ang mga Pilipino upang maghanap ng mas tahimik na pamumuhay.
    d. Naging palaasa ang mga Pilipino sa kapangyarihan ng ibang bansa na ayusin ang Pilipinas pagkatapos ng Digmaang Pandaigdig.

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto**: Isulat ang mga titik na **PP** kung ang pahayag ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa pambansang interes at **HP** kung hindi.

1. Pagpapatupad ng agarang lockdown o pagpasok ng mga manlalakbay mula ibang bansa upang maiwasan ang paglaganap ng bagong strain ng Coronavirus.

2. Pagtatanggol sa mga teritoryo ng bansa kahit ang mga maliliit na kapuluan upang maiwasan ang pagsasailalim ng mas malaking bansa.

3. Pagsisiguro na walang maaring banta sa kapayapaan sa himpapawid at katubigan na sakop ng teritoryo ng Pilipinas.

4. Pagbibigay ng pantay na karapatan sa mga Pilipino at dayuhan na gamitin ang mga likas na yaman ng bansa at magkaroon ng negosyo.

5. Pagsaklaw sa kapakanan ng mga Pilipino na nagtatrabaho sa ibang bansa (OFW) sa mga ipinapatupad na batas.

6. Pagbibigay ng pahintulot sa mga malalaking kompanya at dayuhan na magmina sa mga lugar sa Pilipinas

7. Pangangasiwa sa kapaligiran, pangangalaga sa yamang-dagat at pag-iingat sa mga endangered species

8. Pagsugpo sa mga krimen tulad ng pagnanakaw, korupsyon, kidnapping at iba pa.

9. Pagbigay ng huling responde sa mga taong nasalanta ng kalamidad tulad ng bagyo at sunog.

10. Pagsisiguro ng pantay na karapatan ng mga mayayaman at mahihirap na Pilipino.

## SANGGUNIAN

Julian, Ailene B., Lontoc, Nestor S., Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino.Phoenix Publishing House Inc.Pp.195-281

Antonio, Eleanor D., Banlaygas, Emilia L. at Dallo, Evangeline M., Kayamanan 6. Rex Printing Company, Inc., Pp. 174-221

## SUSI SA PAGWAWASTO

**ASSESSMENT**

**UNANG PAGSUBOK**

1.TAMA 4. MALI
2.TAMA 5.TAMA
3.TAMA

**GAWAIN 1: (In any order)**

1.Tatangkilikin ko ang mga produktong gawa ng kapwa Pinoy.
2.Bibili ako ng mga local na produkto kaysa imported na produkto.
3.Mag-aral ako ng mabuti upang makatulong balang-araw sa pagpapaunlad ng bansa.
4.Ipagmamalaki ko ang aking kultura at ang pagiging Pilipino
5.Susuportahan ko ang mga maliliit na negosyo ng mga Pilipino.

**GAWAIN 2**

Ang kasagutan ay batay sa kakayahang taglay ng mag-aaral.

**ASSESSMENT**

**GAWAIN 3**

Ang kasagutan ay batay sa kakayahang taglay ng mag-aaral.

**PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN**

1.C
2.A
3.A
4. A
5.B

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

1. PP 6. HP
2. PP 7. PP
3. PP 8. PP
4. HP 9. HP
5. PP 10. PP